# Dalisay na
# GINTO

ABTAG 2001
Ang Bibliya Tagalog 2001

# Mga Salita Buhat Sa Banal Na Kasulatan

Edition 2025
© by GBV
printed in Germany

**GBV Dillenburg GmbH**
Eiershäuser Straße 54
35713 Eschenburg
GERMANY
www.gbv-dillenburg.de
www.gbv-online.org

Sa simula
ay ang Salita,
at ang Salita ay
kasama ng Diyos,
at ang Salita ay Diyos.

*Juan 1:1*

Nasa sa kanya ang
buhay at ang buhay ay
siyang ilaw ng mga tao.

*Juan 1:4*

Muling nagsalita
sa kanila si Jesus,
“Ako ang ilaw
ng sanlibutan.
Ang sumusunod sa
akin ay hindi kailanman
lalakad sa kadiliman,
kundi magkakaroon
ng ilaw ng buhay.”

*Juan 8:12*



Sinabi sa
kanya ni Jesus,
“Ako ang daan,
at ang katotohanan,
at ang buhay.
Sinuman ay hindi
makakarating sa
Ama kundi sa
pamamagitan ko.

*Juan 14:6*

Nang huling araw ng
dakilang araw ng pista,
si Jesus ay tumayo at
sumigaw na nagsasabi,
“Kung ang sinuman ay
nauuhaw, lumapit siya
sa akin at uminom.
Ang sumasampalataya
sa akin, gaya ng
sinasabi ng kasulatan,
‘Mula sa kanyang puso ay
dadaloy ang mga ilog ng
tubig na buháy.’”

*Juan 7:37-38*



Lumapit kayo sa akin,
kayong lahat
na nanlulupaypay at
lubhang nabibigatan at
kayo’y bibigyan ko ng
kapahingahan.

*Mateo 11:28*

Sapagkat madaling
dalhin ang aking
pamatok at magaan
ang aking pasan.”

*Mateo 11:30*

‘Diyos,
mahabag ka sa akin na
isang makasalanan.’

*Lucas 18:13*

Sapagkat ang
kabayaran ng
kasalanan ay kamatayan;
ngunit ang kaloob ng Diyos
na walang bayad ay
buhay na walang
hanggan kay Cristo Jesus
na Panginoon natin.

*Roma 6:23*



Sumagot sa
kanya si Jesus,
“Katotohanang sinasabi ko
sa iyo, ‘Malibang ang isang
tao’y ipanganak na muli[b]
ay hindi niya makikita ang
kaharian ng Diyos.’”

*Juan 3:3*

Huwag kang magtaka
na aking sinabi sa iyo,
‘Kailangang kayo’y
ipanganak na muli.’

*Juan 3:7*

Kaya nga magsisi kayo
at magbalik-loob upang
mapawi ang inyong mga
kasalanan.

*Mga Gawa 3:19*

Kung ipinahahayag
natin ang ating mga
kasalanan, siya ay tapat at
banal na magpapatawad
sa ating mga kasalanan at
tayo'y lilinisin sa lahat ng
kalikuan.

*1 Juan 1:9*



Subalit ang lahat ng
tumanggap sa kanya
na sumasampalataya sa
kanyang pangalan ay
kanyang pinagkalooban sila
ng karapatan na maging
mga anak ng Diyos, na
ipinanganak hindi sa dugo,
o sa kalooban ng laman,
o sa kalooban ng tao,
kundi ng Diyos.

*Juan 1:12-13*

Katotohanang
sinasabi ko sa inyo, ang
nakikinig ng aking salita at
sumasampalataya sa kanya
na nagsugo sa akin ay may
buhay na walang hanggan,
at hindi darating sa kahatulan
kundi lumipat na sa buhay
mula sa kamatayan.

*Juan 5:24*



Sapagkat gayon na lamang
ang pag-ibig ng Diyos sa
sanlibutan na ibinigay niya
ang kanyang tanging Anak,
upang ang sinumang sa
kanya'y sumampalataya ay
huwag mapahamak kundi
magkaroon ng buhay na
walang hanggan.

*Juan 3:16*

Ngunit siya'y
nasugatan dahil sa
ating mga pagsuway,
siya'y binugbog dahil sa
ating mga kasamaan;
ipinataw sa kanya ang
parusa para sa ating
kapayapaan.

*Isaias 53:5*



Makinig ka!
Ako'y nakatayo sa may
pintuan at tumutuktok;
kung diringgin ng
sinuman ang aking tinig
at buksan ang pinto,
ako'y papasok sa kanya …

*Pahayag 3:20*

Upang si Cristo ay
manirahan sa inyong mga
puso sa pamamagitan
ng pananampalataya …

*Efeso 3:17*

Sapagkat ang Anak ng Tao ay dumating upang hanapin at iligtas ang nawala."

*Lucas 19:10*

. . . Ang lumalapit sa akin kailanman ay hindi ko itataboy.

*Juan 6:37*



'Halikayo, sapagkat ang lahat ay handa na.'

*Lucas 14:17*

"Mga ginoo, ano ang kailangan kong gawin upang maligtas?" ... "Manampalataya ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan."

*Mga Gawa 16:30,31*

Na ang bawat
sumasampalataya sa
kanya ay makakatanggap
ng kapatawaran sa mga
kasalanan sa pamamagitan
ng kanyang pangalan."

*Mga Gawa 10:43*

Na ibinigay sa
kamatayan dahil sa
ating mga pagsuway at
muling binuhay upang
tayo'y ariing-ganap.

*Roma 4:25*



Ngayon nga'y wala
nang kahatulan sa mga
na kay Cristo Jesus.

*Roma 8:1*

Ang mga bagay na
ito ay isinulat ko sa inyo
upang inyong malaman na
kayo'y mayroong buhay
na walang hanggan sa
inyong nananampalataya sa
pangalan ng Anak ng Diyos.

*1 Juan 5:13*

Kundi inyong ikagalak na ang inyong mga pangalan ay nakasulat sa langit.

*Lucas 10:20*

Kaya't yamang tayo'y inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

*Roma 5:1*



Sapagkat sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos; hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki.

*Efeso 2:8,9*

Salamat sa Diyos dahil sa kanyang di-mailarawang kaloob.

*2 Corinto 9:15*

Ngunit kung tayo'y
lumalakad sa liwanag,
na tulad niya na
nasa liwanag,
may pakikisama tayo
sa isa't isa,
at ang dugo ni Jesus
na kanyang Anak
ang lumilinis sa atin
sa lahat ng kasalanan.

*1 Juan 1:7*



Pinapakinggan
ng aking mga tupa
ang aking tinig,
at sila'y aking kilala,
at sila'y sumusunod sa akin.
Sila'y binibigyan ko ng
buhay na walang hanggan,
at kailanma'y hindi
sila mapapahamak,
at hindi sila aagawin ng
sinuman sa aking kamay.

*Juan 10:27,28*

Sapagkat ukol
dito kayo'y tinawag,
sapagkat si Cristo
man ay nagdusa
alang-alang sa inyo,
na kayo'y iniwanan
ng halimbawa,
upang sumunod kayo sa
kanyang mga yapak.

*1 Pedro 2:21*



At narito, ako'y kasama
ninyong palagi, hanggang
sa katapusan ng panahon.

*Mateo 28:20*

Paliwanagin ninyo nang
gayon ang inyong ilaw sa
harap ng mga tao;
upang makita nila ang
inyong mabubuting gawa,
at luwalhatiin nila ang
inyong Ama na nasa langit.

*Mateo 5:16*

Sapagkat ang
sinumang ikahiya ako
at ang aking mga salita
ay ikahihiya siya ng
Anak ng Tao,
pagdating niya na nasa
kanyang kaluwalhatian,
at sa kaluwalhatian ng Ama,
at ng mga banal na anghel.

*Lucas 9:26*



Ang damo ay natutuyo,
ang bulaklak ay nalalanta;
ngunit ang salita ng ating
Diyos ay mamamalagi
magpakailanman.

*Isaias 40:8*

Ang langit at ang
lupa ay lilipas,
subalit ang aking salita
ay hindi lilipas.

*Lucas 21:33*

Be anxious for nothing,
but in everything
by prayer and supplication,
with thanksgiving,
let your requests
be made known to God;
and the peace of God,
which surpasses
all understanding,
will guard your hearts and
minds through Christ Jesus.

*Philippians 4:6-7*



Ang PANGINOON
ay nagpakita sa
kanya mula sa malayo.
Inibig kita ng isang walang
hanggang pag-ibig, kaya't
ipinagpatuloy ko ang aking
kagandahang-loob sa iyo.

*Jeremias 31:3*

Huwag kang matakot,
sapagkat
ako'y kasama mo, ...

*Isaias 41:10*

Sa bahay ng aking Ama ay
maraming tahanan.
Kung hindi gayon,
sasabihin ko ba sa inyo na
ako'y paparoon upang ihanda
ko ang lugar para sa inyo? At
kung ako'y pumunta roon at
maihanda ko ang
isang lugar para sa inyo,
ako'y babalik at kayo'y
tatanggapin ko sa aking
sarili, upang kung saan
ako naroroon, kayo rin ay
naroroon.

*Juan 14:2,3*



Sapagkat ang Panginoon
mismo ang bababa mula sa
langit na may sigaw, may
tinig ng arkanghel, at may
trumpeta ng Diyos, at ang
mga namatay kay Cristo ay
babangon muna. Pagkatapos,
tayong nabubuhay na natitira
ay aagawing kasama nila sa
mga ulap, upang salubungin
ang Panginoon sa papawirin;
at sa gayon ay makakapiling
natin ang Panginoon
magpakailanman.

*1 Tesalonica 4:16,17*

At nakita ko ang isang
bagong langit at
ang isang bagong lupa;

*Pahayag 21:1*

At papahirin niya ang
bawat luha sa kanilang
mga mata, at hindi na
magkakaroon ng kamatayan;
hindi na rin magkakaroon
pa ng pagdadalamhati, o ng
pagtangis man, o ng kirot
man, sapagkat ang mga
unang bagay ay lumipas na.

*Pahayag 21:1,4*



"Ako'y malapit
nang dumating."

*Pahayag 22:12*

At ang nauuhaw ay
pumarito, ang may ibig ay
kumuha ng tubig ng buhay
nang walang bayad.

*Pahayag 22:17*

Amen. Pumarito ka
Panginoong Jesus!

*Pahayag 22:20*

**Any questions – contact us!**

para sa anumang
katanungan – makipag
ugnayan sa amin!


## GRACE AND TRUTH

San Pablo City, Laguna

P.O. Box I · San Pablo City 4000

**E-Mail:**

biblicalanswersphilippines@gmail.com

**Phone:**

+63 (0) 906 477 9552 (English)
+63 (0) 917 814 1746 (Filipino)

Pure Gold

Tagalog / Filipino

GBV 148 4120